Allied Waste Services of Daly City

Community Newsletter

1680 Edgeworth Avenue,
Daly City, California, 94015

Para sa pagsasalin ng pahayagang ito, mangyaring bumisita sa
www.alliedwastedalycity.com/newsletter.cfm

Presorted Standard
U.S. Postage
PAID
San Mateo, CA
Permit No. 610

SERBISYO sa PAROKYANO
(650) 756-1130
7:00 n.u.—5:00 n.h. Lun-Biyer.
Para sa Serbisyong Komersiyal, Residensiyal at impormasyon tungkol sa Pagreresiklo.

Serv-U-Debris Box Service
(650) 756-4340

Mussel Rock Transfer Station
Lun—Sab, 8:00 n.u.—5:00 n.h.
(650) 755-7068

Ox Mountain Landfill
(650) 726-4718

Websayt
www.alliedwastedalycity.com

Recycleworks
Mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa pagpigil ng basura, pagreresiklo at pagkokompost.
(888) 442-2666 www.recycleworks.org

Mga Peligrosong Basura sa Tahanan
Isang programa ng county.
(650) 363-4718
www.smhealth.org/environ/toxic/hhw.html

Sa isyung ito ng Today • Simula ng Serbisyong Pambasura at Pangresiklo • Mga Talang Pangresiklo
Pagreresiklo ng Basura Mula sa Bakuran • Pagreresiklo ng mga CRT/Baterya

Ang Serbisyong Pambasura at Pagreresiklo ay mas pinadali Marso 31, 2008!

impormasyon sa loob…

Simula Lunes, Marso 31, 2008!

Ikinalulugod ng Allied Waste Services na maghandog ng lingguhang serbisyong pambasura, pangresiklo at pambasura mula sa bakuran simula Lunes, Marso 31, 2008!

Maraming mga naninirahan sa Daly City at Colma ang nakatanggap na ng kulay-abong kart na pambasura at luntiang kart para sa basura mula sa bakuran. **Simula Marso 17 may ipapadalang mga bughaw na kart na pangresiklo - kapalit ng iyong mga kasulukuyang lalagyang pangresiklo.** Hinihiling ng Allied Waste sa lahat ng mga residente na ilagay ang kanilang mga lalagyang pangresiklo sa bangketa sa kanilang huling araw ng pagkolekta ng mga iresiklo sa Marso. Kukunin ng Allied Waste ang mga lalagyan at papalitan ng bughaw na kart.

Paano tumatakbo ang bagong serbisyo:

Itong bago at pinabuting serbisyo ay lalong pinadali ang pagkolekta sa bangketa. Simula Marso 28, dapat mayroon ka nang natanggap na kart na pambasura, pangresiklo at pambasura mula sa bakuran na maaari mong ilabas para sa lingguhang serbisyo. Hindi na kailangan tandaan kung aling linggo kokolektahin ang iyong mga iresiklo; puwede mo nang iresiklo iyang kalendaryo para sa linggong A o B!

Kinakailangang ilagay ang lahat ng mga basurang hindi mareresiklo sa bagong kulay-abo na kart na pambasura na pinadala ng Allied Waste - **hindi na maseserbisyo ang mga plastik na bag at dating basurahan.** Sinserbisyo ang mga kart ng isang naka-otomatikong braso na pinapaandar ng driver mula sa loob o tabi ng trak. Kinukuha ng braso ang kart sa kanyang sipit, iniipit at binubuhat ang kart mula sa lupa at binubuhos ang mga laman nito sa puwang ng trak. Ang kasulukuyang programang pangresiklo na hiwahiwalay batay sa pinanggalingan ay papalitan ng bago at modernong programang pangresiklo sa iisang lalagyan! Lahat ng mga iresiklo ay maaari nang ilagay sa iisang kart at ilabas para makolekta, wala nang pagbubukod. Ihihiwalay ng mga makina ang mga iresiklo upang maproseso, ang kailangan mo lamang gawin ay ilagay ang mga bagay sa kart. Tandaan, habang dumarami ang nireresiklo ng iyong tahanan, dumarami ang pinupuntahan ng kinikita ng Siyudad mula sa Estado.

Magagamit mo ang bagong kart para sa basura mula sa bakuran upang iresiklo ang iyong mga tabas ng damo, tanim, sanga ng puno, atbp. Mangyaring tingnan ang tala ng mga tatanggaping basura mula sa bakuran sa pahina 3.

Huwag kalimutan ang mga extra!

- Tumatanggap na ang Allied Waste ng ngayon mga bateryang pambahay, bumbilyang ploresen (compact fluorescent lights o CFL) at salaan ng langis (oil filter) sa bangketa. Mangyaring ilagay lamang ang mga ito sa mga hiwalay at malinaw na "ziplock" bag, na nakasulat ang nilalaman upang alam ng iyong driver kung ano ang rineresiklo. Ilagay ang mga bag sa takip ng iyong kart na pangresiklo upang makolekta.
- Mangyaring iresiklo ang langis na pangmakina sa bangketa sa tabi ng iyong kart na pangresiklo. Tandaang ilagay ang nagamit nang langis sa selyado, isang-galong garapon (plastik na garapon o jug, #1-#7) at sulatan ito ng "Oil" (langis).

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa bagong serbisyong ito, mangyaring tawagan ang Allied Waste Services sa (650) 756-1130, Lunes-Biyernes 7 n.u. - 5 n.h. Kung gusto mong humiling ng (mga) kart na may ibang laki, tatanggapin ng isang kinatawan ng Allied Waste ang iyong hiling at ipapadala ang mga bagong kart simula Mayo 19.

Pagreresiklo
Mga Nakakatulong na Gabay

Bughaw na Kart na Pangresiklo

- OO Plastik 1–7
- OO Mga bote at lata
- OO Halu-halong Papel
- OO Salamin
- OO Mga Kahon ng Pizza
- OO Pira-pirasong metal (hanggang 10 lbs ang bigat at walang mga tali o kadena. Kinakailangang magkasya ang mga bagay sa loob ng kart)
- OO Mga bateryang pambahay at mga bumbil-yang ploresen o Compact Flourescent Lamps (ilagay ang mga ito sa mga malinaw na plastik na "ziplock" bag, na nakasulat ang nilalaman at ilagay sa takip ng iyong kart na pangresiklo)

- HINDI— Basura
- HINDI— Mga Plastik na bag
- HINDI— Karton na may wax
- HINDI— Papel na narumihan ng pagkain (mga papel na plato o serbilyeta)
- HINDI— Mga librong matigas ang takip (hardback)
- HINDI— Mga blueprint o papel na karbon
- HINDI— Anumang uri ng styrofoam
- HINDI— Mga itim na plastik
- HINDI— Mga porselanang tasa, basong pang-inom, salamin ng bintana o pang-aninag
- HINDI— Mga laruan o lalagyang pampunla
- HINDI— Mga plastik na timba, basket, kahon, kart o mga talukap ng pagkaing pangdagat (o kabibe) (clamshell)

Luntiang Kart para sa Basura Mula sa Bakuran

- OO Mga Tabas ng Damo
- OO Mga dahon
- OO Mga tabas ng mga puno at tanim
- OO Mga damo (weeds)

- HINDI— Mga Palaspas, mga tanim na Cactus, Kawayan o Yucca
- HINDI— Mga pira-pirasong pagkain, prutas o gulay
- HINDI— Damuhan, dumi o mga bato
- HINDI— Tabla o kahoy na "treated" o kahoy na may mga pako
- HINDI— Basura
- HINDI— Mga plastik na bag
- HINDI— Dumi ng mga Hayop
- HINDI— Mga Tuod ng Puno
- HINDI— Mga Mareresiklo
- HINDI— Mga Sanga ng Puno na higit sa 4ft. ang haba
- HINDI— Mga Sanga ng Puno na higit sa 2" ang bantod

May Bigat na Isang Tonelada!

At baka maaaring maresiklo!

Alam mo ba na ang bawa't Amerikano ay nagtatapon ng halos isang toneladang basura bawa't taon? Ang isang tonelada ay 2,000 libra! Wow, kay daming basura. Sa palagay mo ba ay mareresiklo kaya natin ang karamihan ng basurang ito?

Basahin ang impormasyon sa ibaba at maglaan ng ilang sandali upang isipin kung ano ang nasa iyong basura at ano ang iyong magagawa upang mas makaresiklo. Sa bagong programang pangresiklo sa bangketa ng Allied Waste Services makakaresiklo ka ng maraming iba't-ibang mga bagay at ang tone-toneladang basura na puwedeng maging tone-toneladang mareresiklo! At alam nating lahat, kung magreresiklo ka sa abot ng iyong makakaya, mananatiling malusog at malinis ang ating kapaligiran sa mga darating na taon.

Ano ang nasa isang toneladang basura?

Ang karaniwang toneladang basura sa Amerika ay may lamang:

Papel:

Karaniwang gumagamit ang mga Amerikano ng 700 librang mga papel bawa't taon. Ano ang mga ilang uri ng papel na maaaring maresiklo pero karaniwang tinatapon sa basura? Ang mga diyaryo, papel mula sa paaralan at karton ay dapat inilalagay sa iyong kart na pangresiklo, hindi sa basura!

Salamin:

Sa kasalukuyan gumagamit ang bawa't Amerikano ng mga 79.5 librang mga salamin sa bawa't taon. Humuhusay na tayo sa pagreresiklo nitong kinukuhanan natin pagdating sa lalagyan ng pagkain at inumin.

Tandaan: Maaari mo nang maresiklo ang mga CFL (mga bumbilyang "hugis-ikid" o "spiral") at bateryang pambahay sa iyong bangketa. Ilagay lamang ang mga ito sa malinaw na "ziplock" bag, selyado at nakasulat ang nilalaman. Kokolektahin ng iyong Allied Waste Services driver ang mga bag sa iyong araw ng serbisyo!

Aluminum:

Nagtatapon tayo ng 72 librang aluminum para sa bawa't tao sa bawa't taon! Mga lata ng soda ang pinakakaraniwang nireresiklo na mga produktong aluminum, pero alam mo ba na maaari mo ring iresiklo ang mga iba pang bagay na gawa sa aluminum gaya ng mga tinggang lata at mga kaldero at kawali?

Mga Basurang Pagkain:

Nagtatapon tayo ng sangkatutak na 183.3 librang basura ng pagkain sa Amerika bawa't taon. Ang basurang pagkain ay maaaring ikompost sa mga tamang lalagyan sa iyong sariling tahanan! Maghanap ng programang pangkompost na pinakamahusay para sa iyong tahanan at alamin kung paano magresiklo ng mga pira-pirasong pagkain. Subukang bisitahin ang **www.recycleworks.com** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkompost sa tahanan.

Plastik:

300 librang mga plastik ang napupunta sa basurahan bawa't taon para sa bawa't isa sa atin. Maraming mga plastik ang mareresiklo at laging may natutuklasang mga bagong paggamit ng plastik, gaya ng damit, karpet at mga materyales para sa konstruksiyon. Tingnan ang iyong mga plastik kung may "tatsulok" na pangresiklo at mga numerong 1-7. Kung makita mo ito saanman sa isang pirasong plastik, mareresiklo mo ito!

Basura Mula sa Bakuran:

Madalas maaaring ikompost ang basura mula sa bakuran, kaya lang nagtatapon ang bawa't Amerikano ng 205 librang ng basura mula sa bakuran sa bawa't taon. Marami sa mga estado sa U.S. ay may mga iminungkahing batas o lugar na ipinagbabawal itambak ang basura mula sa bakuran. Mga tabas ng damo, mga maliliit na sanga ng puno at mga tanim ay ilan lamang sa mga bagay na maaaring ilagay sa iyong kart para sa basura mula sa bakuran.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagreresiklo, dalawin kami sa www.alliedwastedalycity.com o tawagan ang aming opisina sa (650) 756-1130.